Mensahe Apat

## Inihahanda ang Ating Sarili para sa Pagdating ng Panginoon sa pamamagitan ng Pagiging Tapat at Matalinong Alipin

Babasahin sa Kasulatan: Mat. 24:45-51

**I. "Sino sa gayon ang tapat at matalinong alipin, na itinalaga ng panginoon sa kanyang sambahayan upang bigyan sila ng pagkain sa wastong oras? Pinagpala ang aliping iyon na masusumpungan ng kanyang panginoon, pagdating niya, na gayon ang ginagawa. Katotohanang sinasabi Ko sa inyo na kanyang itatalaga siya sa lahat ng kanyang tinatangkilik"—Mat. 24:45-47:**

A. Ang ekonomiya ng Diyos sa loob ng pananampalataya ay ang Kanyang "sambahayang" ekonomiya, ang Kanyang sambahayang administrasyon, upang ipamahagi ang Kanyang sarili tungo sa Kanyang piniling bayan upang magkaroon Siya ng isang bahay na maghahayag ng Kanyang sarili, na ang bahay na ito ay ang ekklesia, ang Katawan ni Kristo—1 Tim. 1:4; 3:15; Efe. 2:19.

B. Ang tapat at matalinong alipin ay isang katiwala sa bahay ng Diyos, isang sambahayang tagapamahala, na namamahagi ng Kristo bilang "pagkain" sa Kanyang mga mananampalataya—1 Cor. 9:17; Efe. 3:2; 1 Cor. 4:1; 1 Ped. 4:10:

1. Ang katapatan ay ipinapakita tungo sa Panginoon (1 Cor. 4:2; 7:25), samantalang ang katalinuhan ay ineensayo tungo sa mga mananampalataya (cf. Col. 1:28; 2 Cron. 1:10; Fil. 4:5).
2. Sa pagpapakita sa kaharian ng mga kalangitan, itatalaga ng Panginoon ang tapat na alipin sa lahat ng Kanyang tinatangkilik; ito ay magiging isang gantimpala sa Kanyang alipin—Mat. 25:21, 23.

C. *Bigyan sila ng pagkain* ay tumutukoy sa paghahain ng salita ng Diyos at si Kristo bilang tustos ng buhay sa mga mananampalataya sa ekklesia; si Kristo bilang ang Espiritung nagbibigay buhay ay ang ating pagkain, naisakatawan at naisarelaidad sa salita ng buhay—24:45; Juan 6:57, 63, 68:

1. Upang matamasa ang Panginoon bilang ating espirituwal na pagkain upang pakainin natin ang iba, kailangan nating tanggapin ang Kanyang salita sa pamamagitan ng lahat ng panalangin at sa pamamagitan ng pagninilay sa Kanyang salita, sinasalita nang malakas ang Kanyang salita na may maraming pagsasaalang-alang—Efe. 6:17-18; Aw. 119:15 (tingnan ang talababa), 48, 148; Jos. 1:8; Lev. 11:2-3; Ezek. 3:1-4; Col. 3:16.
2. Kailangan nating magpatuloy nang matibay sa panalangin at sa ministeryo ng salita—Gawa 6:4; cf. Heb. 7:25; 8:2.
3. Kailangan nating magpropesiya upang itayo ang ekklesia—sinasalita kung ano ang ating nakikita kalakip ang mga buháy na salita ng buhay na ito sa ilalim ng kagyat at sariwang inspirasyon, pagpapahid, at pagliliwanag ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng pag-eensayo ng ating espiritu—1 Cor. 14:4b; Gawa 5:20; 4:20; 22:15.
4. Kailangan nating ipanalangin ang ating sarili tungo sa Diyos upang tanggapin ang Espiritung nagbibigay buhay bilang ating tustos, ang ating espirituwal na pagkain, upang pakainin ang ating sarili at yaong mga nasa ilalim ng ating pangangalaga—Luc. 11:1-13.
5. Kailangan nating maging mga nagbibigay buhay na "tagahingi," mga daluyan ng Espiritung nagbibigay buhay na makapagbibigay buhay sa iba—1 Juan 5:16.
6. Kailangan tayong maging "mga anak ng sariwang langis," yaong mga patuloy na napupunuan ng sariwa, kasalukyan, at napasukdol na Espiritu bilang ang langis ng kagalakan, upang padaluyin ang Espiritu tungo sa patungang ilawan para sa nagniningning na patotoo nito, ang patotoo ni Hesus—Zac. 4:6, 12-14; Fil. 1:25; Apoc. 3:18; Mat. 25:9:
   a. Kailangan nating magbayad ng halaga araw araw upang matamo ang higit pang Diyos bilang ang gintong langis sa Kanyang dibinong kalikasan upang tayo ay maging isang dalisay na gintong patungang ilawan para sa pagtatayo ng gintong Bagong Herusalem—2 Ped. 1:4; Apoc. 3:18; 1:20; 21:18; Mat. 25:8-9.

   b. Habang inaaplay natin ang bagay na ito sa ating karanasan ngayon, makikita natin na ang Espiritung dumadaloy mula sa atin ay ang Diyos, at ang Diyos ay ginto; kaya, inihahain natin si Kristo sa iba, tinutustusan sila ng langis, sa katunayan ay tinutustusan natin sila ng Diyos; ang Diyos ay dumadaloy mula sa atin tungo sa kanila—Zac. 4:12-14; Juan 7:37-39; 2 Cor. 3:3, 6, 8; Luc. 10:34.

II. **"Subalit kung sasabihin ng masamang alipin sa kanyang puso, Maaantala ang aking panginoon, at sisimulang bugbugin ang kanyang mga kapwa alipin at kakain at iinom kasama ang mga naglalasing, ang panginoon ng aliping iyon ay darating sa araw na hindi niya inaasahan at sa oras na hindi niya nalalaman, at siya ay puputulin at itatalaga ang kanyang bahagi kasama ang mga mapagpaimbabaw. Sa lugar na iyon ay may pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin"—Mat. 24:48-51:**

A. Ang sabihin sa ating puso na ang ating Panginoon ay maaantala ay ang ibigin ang kasalakuyang masamang kapanahunan at hindi iniibig ang pagpapakita ng Panginoon—2 Tim. 4:8, 10:

1. Ang Griyegong salita para sa *pagdating* ay *parousia,* na nangangahulugang "presensya"; upang ibigin ang pagpapakita ng Panginoon, ang Kanyang pagdating, dapat nating ibigin ang Kanyang pagpapakita, ang Kanyang presensya, ngayon—Mat. 24:3, 37; Gawa 26:16; 2 Cor. 2:10; *Mga Himno,* #389.
2. Hanggat tayo ay mayroong ngayon, dapat nating ibigin ang Panginoon at ang Kanyang pagpapakita, hinihintay ang Kanyang pagdating at kinukuha ang Kanyang pagdating bilang isang babala, isang paghihikayat, at isang insentibo—2 Tim. 4:8; Fil. 3:20; Apoc. 22:12.
3. Kailangan nating magbantay at maging handa para sa Kanyang pagdating—Mat. 25:13; 24:44; Apoc. 19:7.
4. Kailangan nating mag-ingat sa pag-iimbot, hindi nag-iimpok ng kayamanan para sa ating sarili bagkus maging mayaman tungo sa Diyos—Luc. 12:16-20; 2 Cor. 6:10; Efe. 3:8.
5. Kailangan nating alalahanin ang asawa ni Lot, hindi iniibig at pinahahalagahan ang masamang sanlibutan na hahatulan at lubusang pupuksain ng Diyos—Luc. 17:28-32.
6. Kailangan nating maging mapagbantay at nagsusumamo upang ang araw ng padating ng Panginoon ay hindi dumating sa atin nang biglaan bilang isang silo—21:34-36; cf. Mat. 2:3.
7. "Pumarito Ka, Panginoong Hesus!"—ito dapat ang maging pananabik, pagtangis, at palagiang panalangin ng mga umiibig sa Panginoon at sa Kanyang pagpapakita—Apoc. 22:20; Tito 2:12-13.

B. Ang bugbugin ang ating mga kapwa alipin ay ang maltratuhin ang mga kapwa mananampalataya—cf. Gawa 9:4:

1. Huwag nating hatulan at kondenahin ang ating mga kapwa mananampalataya bagkus magmagandang loob sa kanila, mahabagin, mapagpatawad sa kanila kung paanong pinatawad tayo ng Diyos sa loob ni Kristo—Luc. 6:37; Efe. 4:31-32.
2. Huwag nating alimurahin o kantiyawan ang ating mga kapatid bagkus ituring silang mas ekselente kaya sa ating sarili—1 Cor. 6:10-11; Fil. 2:3, 29.
3. Huwag tayong mamanginoon sa ating mga kapwa mananampalataya (gaya ng pagdidisisyon para sa kanila) bagkus paglingkuran sila bilang isang alipin upang pakainin sila ng nabuhay na muling Kristo bilang ang Espiritung nagbibigay buhay—1 Ped. 5:3; Mat. 20:25-28; cf. Bil. 17:8.

C. Ang kumain at uminom kasama ng mga manginginom ay ang makisama sa mga makasanlibutang tao, na lasing sa mga makasanlibutang bagay:

1. Dahil sa kanilang dibinong kalikasan at banal na katayuan, ang mga mananampalataya ay hindi dapat makipamatok sa mga di-mananampalataya; dapat itong iaplay sa lahat ng mga matalik na ugnayan sa pagitan ng mga mananampalataya at di-mananampalataya, hindi lamang sa pag-aasawa at negosyo—2 Cor. 6:14; 1 Cor. 15:33; cf. Kaw. 13:20.

2. Kailangan nating layuan ang mga pita ng kabataan at habulin ang nagpapaloob ng lahat na Kristo kasama ang mga tumatawag sa Panginoon mula sa pusong dalisay—2 Tim. 2:22.

D. Ang tapat at matalinong alipin ay gagantimpalaan ng awtoridad upang mamuno sa pagpapakita ng kaharian, samantalang ang masamang alipin ay puputulin mula sa maluwalhating Kristo, mula sa kaluwalhatian ng Kanyang kaharian, at mula sa Kanyang maluwalhating presensya sa Kanyang kaharian—Mat. 24:47, 51:

1. Ang putulin mula sa pagpapakita ng kaharian ay ang maitapon sa panlabas na kadiliman, kung saan naroon ang pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin:
   a. Ang panlabas na kadiliman ay ang kadiliman sa labas ng maliwanag na kaluwalhatian sa pagpapakita ng kaharian—16:28; 25:30.
   b. Ang pagtangis ay nagpapahiwatig ng pagsisisi, at ang pagngangalit ng mga ngipin ay nagpapahiwatig ng pagsisi sa sarili.
2. Ang magharing kasama si Kristo sa mga bansa sa milenyong kaharian ay magiging isang premyo sa Kanyang mga tapat at matalinong alipin—Apoc. 2:26; Luc. 19:17-19.

*© 2023 Living Stream Ministry*